



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALATHALA: Disyembre 9, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius, 415.519.5419

Air District, binatikos ang Administrasyong Trump dahil sa pagpalyang protektahan ang pampublikong kalusugan

Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA), nabigong paigtingin ang pamantayan sa particulate matter (PM) sa gitna ng lumalalang pandemya sa mga huling araw ng administrasyon

SAN FRANCISCO - Kinondena ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ngayong araw ang hindi pagkilos ng Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ng U.S. kaugnay ng kamakailan nitong pasya na panatilihin ang dati nang Mga Pambansang Pamantayan para sa Kalidad ng Ambient Air para sa particulate matter.

Sa kabila ng napakaraming siyentipikong ebidensya at babala mula sa mga eksperto na nagsasabing puwedeng humantong ang pagpapanatili ng mga hindi sapat na limitasyon sa kalusugan para sa particulate matter sa libu-libong maagang pagkamatay sa Estados Unidos taun-taon, pinili ng EPA na hindi sundin ang payong ito na nangangailangan ng agarang pagkilos at hindi paigtingin ang mga pamantayang ito.

“Sa kabila ng panawagan ng mga eksperto sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan sa Administrasyong Trump na paigtingin ang mga pamantayan para sa particulate matter sa gitna ng pinakamatinding krisis sa pampublikong kalusugan na kinaharap ng bansang ito sa loob ng mahigit sa isang siglo, walang ginawa ang EPA,” ayon kay Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Bay Area Air District. “Ang pagkabigong ito na kumilos para protektahan ang pampublikong kalusugan sa napakakritikal na panahon sa ating kasaysayan ay isang malaking kapalpakan sa ating pederal na pamahalaan at magreresulta sa matitinding kumplikasyon sa pampublikong kalusugan, lalo na sa mga komunidad na dati nang lubos na naaapektuhan ng polusyon sa hangin.”

Ang sariling Integrated Science Assessment ng EPA mula sa huling bahagi ng nakaraang taon ay may mga pag-aaral na nagsasaad na isang matinding banta sa pampublikong kalusugan ang PM_{2.5}, na nagpapakitang kailangang ibaba ang pamantayan ng pederal para sa pollutant na ito sa hangin. Sinasalamin ng assessment na ito ang hindi pampamahalaang Hiwalay na Panel sa Pagsusuri ng Particulate Matter, na binubuo ng mga eksperto mula sa dating Panel sa Pagsusuri ng Particulate Matter (Particulate Matter Review Panel) ng EPA, na binuwag ng Administrasyong Trump noong 2018. Napag-alaman na ng panel na iyon na hindi sapat ang mga kasalukuyang pamantayan sa PM_{2.5} para maprotektahan ang pampublikong kalusugan.

Bukod pa rito, isinaad rin ng mga paunang pag-aaral na mas malaki ang posibilidad ng mga nagpapagaling mula sa COVID-19 na maranasan ang mga epekto sa kalusugan ng antas ng PM_{2.5} sa hangin.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)